

Nakakatakot at maaaring mapanganib ang mawala. Lalo na sa isang indibidwal na may dementia, autismo, o iba pang mga kapansanan sa pag-unlad.

Itanong sa iyong sarili: Kaya bang ipaalam ng iyong mahal sa buhay ang kanyang pangalan at address kung siya ay nawawala?

Kung ang sagot ay hindi, o maaaring magbago sa isang pagkakataon, isaalang-alang ang pag-enroll sa programang Take Me Home (Ihatid Mo Ako sa Amin).

Ang programang Take Me Home ay ang proteksyon para sa hinaharap, para magkaroon ka ng kapanatagan ng pag-iisip sa kasalukuyan. Narito ang kung paano:

- Magparehistro lamang online sa www.sdsheriff.gov/takemehome
- Magsumite ng litrato, pangunahing impormasyon at ng kokontakin – at tapos na!

Kumpidensyal ang impormasyong ito, at maaari lamang ma-access ng tagapagpatupad ng batas sa isang emerhensya.

Kapag nawawala ang isang tao, mahalaga ang bawat segundo. Maglaan ng 5 minuto ngayong araw para matulungang maiwasan ang trahedya sa hinaharap.



Mga Katuwang na Ahensya

Maaari ka ring mag-sign up para sa programang Take Me Home sa pamamagitan ng aming mga katuwang na ahensya.

Alzheimer's San Diego

858.492.4400
3635 Ruffin Rd., Suite 300
San Diego, CA 92123
www.alzsd.org

Autism Society of San Diego

858.715.0678
4699 Murphy Canyon Rd.
San Diego, CA 92123
www.autismsocietysandiego.org

One Safe Place

1050 Los Vallecitos Blvd.
San Marcos, CA 92069
www.onesafeplacenorth.org

San Diego Regional Center

858.576.2966
4335 Ruffin Rd., Suite 200
San Diego, CA 92123
www.sdrc.org

ARC of San Diego

619.685.1175
3030 Market St.
San Diego, CA 92102
www.arc-sd.com



www.sdsheriff.gov/takemehome

Nilikha ng Sheriff's Department ng County ng San Diego para sa mga lokal na ahensya ng pagpapatupad ng batas.



Tinutulungan ang mga nanganganib na taga-San Diego na makauwi nang ligtas.



Magparehistro nang LIBRE

www.sdsheriff.gov/takemehome

Mga Madalas Itanong

Ano ang Programang Take Me Home?

Ang rehistro ay nagbibigay sa mga tagapagpatupad ng batas ng mabilis na access sa kritikal na impormasyon tungkol sa nakarehistrong indibidwal na may mga kapansanan sa panahon ng emerhensya.

Sino ang karapat-dapat?

Ang lahat ng miyembro ng komunidad na may kahinaan o kapansanan sa pag-iisip na maaaring makaapekto sa kakayahan nilang makipag-usap.

Ano ang dapat kong gawin kung nawawala ang mahal ko sa buhay?

Tumawag agad sa 911 at ipaliwanag na ang iyong mahal sa buhay ay may dementia o iba pang kapansanan. Kung siya ay naka-enroll sa Take Me Home, siguraduhing ipinapaalam din ito sa dispatcher.

Paano ito makakatulong?

Ang impormasyon tungkol sa pisikal na histura niya, ang mga lugar na pinakamalamang na pupuntahan niya, pati na rin ang mga nag-uudyok at teknik na pampakalma ay ipapadala sa lahat ng tagapagpatupad ng batas sa lugar para mahanap ang nawawalang indibidwal.

Ano ang Wandering?

Ang wandering (paggala) ay isang hindi inaasahang kaganapan na nangyayari kapag ang isang indibidwal na may dementia o kapansanan sa pag-unlad ay nilisan ang isang ligtas na lugar o nawala. Maaaring mangyari ito kahit sa mga pamilyar na lugar tulad ng iyong tahanan o kapitbahayan.



Kapag gumala ang isang indibidwal, siya ay maaaring:

- Naghahanap ng bagay na pamilyar, lalo na kung siya ay lumipat sa isang panibagong kapaligiran tulad ng pasilidad na memory care o bagong paaralan.
- Pagtakas sa stress, pagkabalisa, o napupuspos na pakiramdam tulad ng kapag may maraming nag-uusap, malakas na telebisyon, o mga bisita sa tahanan.
- Muling binubuhay ang mga dating nakagawian tulad ng pagpasok at pag-alis sa trabaho, pagsundo sa mga anak, atbp.
- Pampakalma sa sarili para matugunan ang pagkabalisa o pagkabagot
- Posibleng reaksiyon sa kawalan ng pisikal na kaginhawaan

Paano Ko Maiiwasan ang Wandering?



Maging handa. Ipaalam sa mga kapitbahay o mga lokal na negosyo at siguraduhing may dalang ID ang iyong mahal sa buhay.



Gawing isang ligtas na lugar ang tahanan. Isaalang-alang ang paglalagay ng mga motion sensor alarm o chime na naghuhudyat ng pagbukas ng mga pinto, tingnan para masigurong nakasara ang iyong mga lock/pinto, at alisin ang mga item na nagpapahiwatig ng pag-alis mula sa malapit sa pinto (tulad ng mga sapatos, susi, pitaka).



Tukuyin ang mga potensyal na nag-uudyok. Ito ba ay pagkabagot, pagiging hindi kumportable, gutom?



Nadagdagang pisikal na aktibidad. Subukang magkaloob ng ligtas na lugar para siya ay makalakad at makalibot, tulad ng daan sa bahay o trail sa bakurang may bakod.



Alamin pa at magparehistro. www.sdsheriff.gov/takemehome